# "Pahiyas"

## Natatanging Pista sa Quezon

ni Marilag T. Bautista



MASAYA ang buwan ng Mayo. Ito ang panahon ng pamumukadkad ng mga bulaklak. Mayo rin kung isagawa ang mga santacruzan na lalong kilala sa tawag na "Santacruz de Mayo." Ang santacruzan ay prusisyon sa loob ng siyam na sunud-sunod na gabi na tinatampukan ng mga sagala: mula sa mga batang babae hanggang sa mga kadalagahan. Ito'y nilalahukan din ng mga *beauty queens* at artista kong sikat.

Mayo rin ang panahon ng katuwaan at lakwatsa: ang pinakamaliligayang sandali sa buhay ng isang estudyante. Sa mga panahon ding ito puno ng buhay at "pakikipagsapalaran" ang Antipolo, Rizal. Dito dinarayo tuwing Mayo ang Nuestra Sra. dela Paz, ang birhen ng kapayapaan at mabuting paglalakbay.

Ang araw ng paggawa o *labor day* tuwing unang araw ng Mayo ay ipinagdiriwang sa pamamagitan ng mga parada at programa na alay sa mga manggagawa. Hindi rin malilimutan ang kagitingan ng mga Pilipino sa pagtatanggol sa Corregidor tuwing ika-6 ng Mayo. Siyempre'y may nakalaang pagdiriwang sa araw na ito.

Marami ring pista tuwing Mayo. Ipinagdiriwang ang pista ng Holy Cross tuwing ika-3 ng Mayo sa Vigan, Ilocos Sur, gayundin sa Sta. Cruz, Laguna at Marinduque. Sa Obando, Bulacan, Mayo rin kung gunitain si San Pascual Baylon at Sta. Clara. Sa panahong ito nagsasayaw sa mga prusisyon sa Obando ang mga mag-asawang walang anak para makahingi "sana" ng kahit isa lang.

Tuwing Mayo 14 at Mayo 15, idinaraos naman ng ilang bayan sa Bulacan, Nueva Ecija at Rizal ang pista ng mga kalabaw: isang malaking atraksiyon sa mga dumarayo at mga turista. May laso ang mga kalabaw habang may hatak-hatak na mga karitong may matitingkad na kulay. Ipinaparada ang mga ito sa mga plasa. Ang mga magsasaka sakay ng kani-kanilang kalabaw ay nagtitipon sa simbahan at binibindisyunan ng pari. Kasunod ay karera at paligsahan ng mga kalabaw at ang walang tigil na kasayahan at katuwaan ng lahat.

Mayo 15 rin kung ipagdiwang sa Lucban at Sariaya, Quezon ang bantog na "pahiyas," isang espesyal na pista ng anihan. Tampok sa araw na ito si San Isidro Labrador, ang patron ng mga magsasaka. Tulad ng maraming bayan-bayan sa Pilipinas, may "kakanyahan" ang Lucban at Sariaya sa pagdaraos ng natatanging pista.

Paano ipinagdiriwang ang pahiyas? Umagang-umaga pa lamang ng Mayo 15, may dekorasyon na ang lahat ng bahay na daraanan ng prusisyon. Ngunit hindi lobo o bandera ang makikitang naka-*display*. Ani ang naglawit sa mga bintana palay, gulay, prutas. May hawig ang pahiyas sa "pabitin" na idinaraos sa mga pista. Ang kaibhan lamang ng sa huli, hindi sa bintana kundi sa gitna ng kalsada inilalagay ang pabitin at doon ipinaaagaw sa mga tao.

Malagintong himaymay ng butil o matatabang sako ng giniling na palay ang idini-*display* ng mga nagtatanim ng palay. Inihihilera naman ng mga nagtatanim ng kamatis ang kanilang ani habang ikinakalat ng mga nagtatanim ng prutas ang ani nilang pinya, *black berries* at mangga. Ang mga pula, puti at itim na *beans* ay idini-*dekorasyon*.

At hindi basta ani. Ang pinakamahusay at pinakamagandang ani lamang ang idini-*display* sa mga bintana. May nakalaan kasing premyo o gantimpala sa may pinakamagandang *display*.

Ang pahiyas ay di lamang isang pikit-matang pakikisunod sa agos ng nakagawian. Ito ay isang dagdag na insentibo sa mga magsasaka ng Lucban at Sariaya. Laging pinagpupunyagiang magkaroon ng masagana at magandang ani lalo't nalalapit ang nasabing pagdiriwang.

May isa pang espesyal na atraksiyon ang pahiyas: ang "kiping," isang espesyal na pagkain mula sa galapong *(ground rice)* na inihahanda lamang tuwing pahiyas. Isang uri ito ng malagkit na iniihaw para maluto. Matabang ang lasa nito. Ito ay kinokorteng dahon at may iba't ibang kulay. Idini-*display* din ito sa mga bintana.

Ang mga lawa-lawa *(buntings)* sa mga kalsada ay nagdadagdag pa rin sa makulay na pagdiriwang. Walang iniwan sa kanal ang lawa-lawa. Kaya lang, mas maluluwang ang mga ito, sementado ang ilalim at malinaw ang umaagos na tubig na nagmumula sa bundok Banahaw.

Ang pahiyas, ang kiping at ang lawa-lawa ay sapat nang bumuo ng isang napakagandang tanawin: masaganang ani at espesyal na pagkain sa mga bintana, sariwang tubig sa ibaba ng mga kabahayan.

May isa pang nakatutuwang bahagi ang pahiyas. Matapos mailakad ang prusisyon ni San Isidro sa hapon, mahihingi sa mga may-ari ang mga *display* na talaga namang ipinamimigay.

May katwiran ngang dayuhin ng marami ang nasabing pahiyas sa Quezon. Bukod sa kaakit-akit ang makulay na pagdiriwang, bawat namimista ay may pagkakataong malasap ang di kumukupas na *Filipino hospitality*.

# Ito ay hindi biro

ni Jose C. Umali, Jr.



Mahirap para sa isang empleado ang magpundar ng kasangkapan, lalo na nga't home appliances. Mabigat mag-ipon ng libu-libo kung cash ang bilihan. At lalo namang mabigat kung sa paraang installment. Hindi ka nga magka-cash ng malaki pero kumustahin mo naman ang interes na ipinapatong–nadodoble ang halaga ng binibili. Halimbawa: ang stereo na nagkakahalaga sa cash ng P3,000 ay nagiging P6,000 sa loob lamang ng dalawang taong installment.

Tagaan talaga! Pero anong gagawin kundi kumagat sa taga. Ito lamang ang paraan para makapagpundar. Mag-ipon? Mahirap ding mag-ipon. Mas malamang na ang perang inipon ay magasta sa ibang pangangailangan. Sakali namang makaipon sa loob ng isa o dalawang taon, ang kasangkapang pinag-ipunan ay mas malamang na tumaas na ang presyo.

Isa pang kahirapan sa installment, laging namimiligrong marimata ang kasangkapang hinuhulugan. Dalawang buwang sunod na hindi makahulog, repossess, pull-out ang stereo. Mababalewala ang perang naihulog na, bukod pa sa mahaharap sa sangkatutak na kahihiyan.

• • • •

Ang pag-upa ng apartment ay isa pang pabigat sa buhay-empleado. Biruin mo, buwan-buwan ay magbabayad ka ng P250 hanggang P300 sa isang bahay na hindi naman magiging iyo habang panahon. Para kang naghuhulog sa isang butas na alkansiya. Huwag nang banggitin ang hinihinging isang buwang advanced, isang buwang deposit at isang buwang bayad bago lumipat.

Bakit hindi magpatayo ng sariling bahay? Madaling sabihin, mahirap mangyari. Chicken feed ito sa isang negosyante pero sa isang empleadong fixed ang kinikita ang pagpapatayo ng bahay ay halos isang panaginip. Puwera na lamang kung biglang tumama sa sweepstakes.

Mabigat din naman kung kukuha ng GSIS o SSS housing project. Ang matitira sa suweldo'y malamang na kulang pang pambili ng gawgaw. Kung puwede sanang huwag nang kumain at pagmasdan na lamang maghapon ang bahay na hinuhulugan.

• • • •

Kahit na 'yong maliliit na bagay ay may kabigatang ipundar ng isang karaniwang empleado. Paano nga fixed ang kinikita. Kapag may biniling iba, sira na ang budget, kakapusin na.

Karaniwan, bago makapagpundar ng damit ay 'yong mapupunit na, bago makabili ng sapatos ay 'yong mabubutas na.

Sabi nga noong isa kong kakilalang laborer, iisa raw ang pinagpapalit-palit niyang sapatos, minsan daw 'yong kaliwa ay isinusuot niya sa kanan at 'yong kanan ay isinusuot niya sa kaliwa.

• • • •

May mga estudyanteng dala ng pangangailangang pinansiyal ay nagtatrabaho habang nag-aaral. Nagtatrabaho sa umaga, nag-aaral sa gabi. Mahirap pero masarap kumita ng pera habang nag-aaral.

Pero ang karaniwang nangyayari ay ganito: ang mga estudyanteng nakakatikim ng suweldo ay hindi na bumabalik sa eskuwela. Ang ikinakatuwiran nila, nag-aaral sila para makapagtrabaho, ngayong may trabaho na ay bakit kailangan pang mag-aral.

Maganda sanang pangangatuwiran, kaso, ang mga empleadong walang tinapos kahit magaling ay mahihirapang umasenso. Malakas pa kasi ang gayuma ng diploma.

• • • •

Dahil sa pagiging sobrang magastos ng buhay, iilang empleado ang nakapag-iipon. Paano pang makapag-iipon, gayong dalawa-tatlong araw pa lamang matapos ang suweldo'y naghahanap na ng mauutangan.

Kuwento nga noong isa kong kumpare, nagbukas daw siya ng savings account sa isang kilalang banko, pero hindi rin siya makapag-ipon dahil ganito ang nangyayari:
*araw-araw deposit,*
*araw-araw withdraw.*

• • • •